

An San Juliananon: **Pagpapahalagang Pilipino sa mga Pilíng** ***Siday*¹ túngo sa Pagbubuo** **ng Kaakuhang Pilipino**

Ian Mark P. Nibalvos
Unibersidad ng Santo Tomas
inibalvos@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay pagpapatunay na ang mga *siday* ng mga Waraynon ay nagtataglay ng mga Pagpapahalagang Pilipino. Tuon ng papel na ito ang tatlong *siday* mula sa bayan ng San Julian, Silangang Samar: ang “An Pobre” (Dukha) ni Nelia M. Caraga, “Dipensa” (Depensa) ni Romeo Quiloña, at ang “San Julian” ni Edgar Onge. Sa pamamagitan ng *Textual Analysis* at *Archival Research*, binigyang-patunay ang karanasan ng mga San Juliananon sa paglalata ng iláng mga dokumento o mga materyal na makatutulong sa paglalarawan ng kanilang kultura. 11 pagpapahalagang Pilipino ang natukoy mula sa nabanggit na mga *siday*: pagtitiis o pagtitiyaga, pagpapahalaga sa kapayapaan, paggalang sa matatanda, pagiging mapagkakatiwalaan o ang pagpapahalaga sa tiwala ng iba, pagpapahalaga sa pamilya, pagkakaroon o pagtataglay ng mabuting asal, pagkakaisa, pagpapahalaga sa matatanda, pagmamahal sa bayan, pagbibigay-halaga sa kalikásan, at pagpapahalaga sa kababaihan. Pagpapatunay ang mga ito na mababakas sa kanilang pagkatao ang iláng kaakuhang Pilipino. Hindi lámang ito pagkakakilanlan ng mga San Juliananon bílang isang pamayanan o bayan kundi ito ang nagtutulay sa kanila sa ibang mga Pilipino sa iba’t ibang bahagi ng kapuluan.

Mga Susing Salita: *Philippine Studies, Samar-Leyte Studies, Siday, Pagpapahalagang Pilipino, Panitikang Este-Samarnon, Pantayong Pananaw*

¹ Ang *siday*, na istandard na katawagang Waray para sa tula, ay ginagamit o binibigkas upang purihin ang kabayanihan ng mga ninuno, ang kagandahan ng isang babae, o ang katapangan ng isang mandirigma. Maririnig din ang mga *siday* sa tuwing may pagpupugay sa isang mahalaga at sikát na tao sa kaniyang kaarawan, sa tuwing may naihahalal o nailuluklok sa isang mataas na puwesto sa gobyerno, sa pagbisita sa isang lugar o bayan, at sa pagpupugay sa isang táong namayapa na. [Ito ay mula sa artikulong, *An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan / The Poems of Samarnons and Leytenhons: Its Identity, History, Issues, and Situation at Present, Malay*, 31 tomo. (Maynila: De La Salle Publishing House, 2018), p. 56].

*Ha akon hinigugma nga bungto,
Maanyag nga San Julian,
Halad ko ine nga butang,
Gugma pinaagi hin kinaadman.*

#fortheLoveofSanJulian

-I. M. P. N.

ANG MGA PAGPAPAHALAGANG PILIPINO² SA MGA AKDANG WARAYNON

"Values are expressed especially in literature," pahayag ni Lydia P. Escobar-De la Rosa sa kaniyang tesis-masteral na *Community Values as Reflected in the Folktales of Barrio Salvacion, Bobon, Northern Samar*.³ Sinang-ayunan naman ni Aileen Joy T. Rosario na ang mga akdang pampanitikan ay nagtataglay ng mga pagpapahalaga na epektibong materyal sa pagtuturo ng panitikan.⁴ Sinabi naman nina Walley at Wilson noong 2003 sa kanilang *"The Anatomy of Literature"* na:

*...literature is a subject that could readily accommodate the integration of values for its being an artistic expression of beauty and truth. One who teaches literature deals with life and all about life. It directs a man into his search for the meaning of life and life itself.*⁵

Kayâ naman, iláng pag-aaral na ang isinagawa ng iláng mga iskolar na nagpapakita na ang mga akdang pampanitikang Lineyte-Samarnon ay nagtataglay ng mga Pagpapahalagang Pilipino tulad ng mga akdang pampanitikan ng ibang mga rehiyon sa bansa.

Sa disertasyon ni Jonas Palada na may pamagat na *Mga Isinálíng Píling Tulang Waray: Isang Dokyumentaryong Pagsusuri*⁶, isinalin at sinuri niya ang 25 tulang Waray

² Ito ay ang salalayan ng interes, naisin, kagustuhan at hangarin ng mga tao. Dagdag pa niya, itinuturing itong mabuti, mahalaga, tama, angkop, karapat-dapat, tanggap at kanais-nais sa búhay ng mga tao. Ito rin ay maaaring isang bagay, idea, tao, layunin, prinsipyo (Ito ay mula sa artikulong, "Pagpapahalagang Pilipino sa mga Píling Siday ng San Julian, Silangang Samar," *Scientia* 7, blg. 2 [Setyembre 2018], p. 118.

³ Lydia P. de la Rosa, "Community Values Reflected in the Folktales of Barrio Salvacion, Bobon, Northern Samar" (tesis sa MA, Centro Escolar University, 1978).

⁴ Aileen Joy T. Rosario, "Analysis of selected Iloko poems by Godofredo S. Reyes" (tesis sa MA, University of Northern Philippines, 2009).

⁵ *Ibid.*

⁶ Jonas Palada, "Mga Isinálíng Píling Tulang Waray: Isang Dokyumentaryong Pagsusuri" (disertaryon sa Cebu Normal University, 2000).

ng Silangang Samar na isinulat ng mga makata sa lalawigan. Sinuri ang mga napiling *siday* gámit ang mga Pagpapahalagang Pilipino na ibinatay o hinango sa klasipikasyon nina Bulatao, Gorospe, Cordero, Paterno at Crisol. Ang mga pagpapahalagang Pilipino batay sa nabanggit na mga awtor ay ang mga sumusunod: pagpapahalaga sa kababaihan; pagtitiyaga, pagtitiis, at pagbabáta; rasyonalismo; hiya; patalismo; utang na loob; pakikisama, pag-ibig sa Diyos, kahalagahang pampamilya; pagkamakabansa; paggalang sa awtoridad; kahalagahang pangkabuhayan; pagtitiwala sa sariling kakayahan; pagpapahalaga sa puri at dangal at kalinisang moral.

Sa saliksik ni Reginaldo T. Gozo na *An Analysis of the Lyrical Themes, Value Concepts and Moral Lessons in the Waray-Waray Folk Songs of Northern Leyte as Basis for Resource Materials in Music*⁷, tinipon niya ang iláng mga katutubong awiting Waray-Waray, kinategorya ang mga ito at sinuri upang maging batayang materyal para sa mga koro, mga pagdiriwang ng pista, mga patimpalak, at mga misa. Sinuri niya ang nilalaman ng bawat awitin batay sa mga konsepto ng Pagpapahalagang Pilipino at mga aral na makikita sa mga awiting Waray-Waray ng Leyte.

Nakita sa kaniyang pag-aaral na ang mga awitin ay nagtataglay ng mga pagpapahalagang Pilipino at mga aral tulad sa pagtatrabaho (pagtitiwala sa sariling kakayahan, kasipagan, pagiging produktibo at disiplina sa sarili), paniniwala sa Maykapal (lakas ng loob sa pamamagitan ng kalakasang espirituwal, pagpapakumbaba, pagkakaisa at pakikiramdam sa mga pagpapahalagang panrelihiyon ng iba), pagmamahal sa o ng magulang (paggalang, pagmamahal, at pagtupad sa pangako), pagmamahal sa ibang tao (pagiging palakaibigan, pakikisama, armonya at pagkakaroon ng integridad), at pagmamahal sa mga hayop at mga halaman (disiplina).

Pinagsikapan namang suriin ni Lydia P. Escobar-de la Rosa ang mga pagpapahalagang panlipunan sa 43 katutubong kuwento ng Baryo Salvacion sa bayan ng Bobon, Hilagang Samar sa kaniyang tesis-masteral na *Community Values Reflected in the Folktales of Barrio Salvacion, Bobon, Northern Samar*⁸. Iba-ibang uri ng kuwentong-bayan ang kaniyang nalikom tulad ng mga kuwento tungkol kay Juan Posong, mga kuwento tungkol sa búhay ng mga pamilya, mga kuwentong panrelihiyon, mga kuwento tungkol sa mahika, at iba pa. Mula sa mga ito, nakabuo ang mananaliksik ng iláng temang may kaugnayan sa pagpapahalaga at kultura ng

⁷ Reginaldo T. Gozo, "An Analysis of the Lyrical Themes, Value Concepts and Moral Lessons in the Waray-Waray Folk Songs of Northern Leyte as Basis for Resource Materials in Music" (tesis sa MA, Southwestern University, 1996).

⁸ De la Rosa, *op.cit.*

mga tao: mga pagpapahalagang panlipunan, mga pagpapahalagang moral, mga pagpapahalagang panrelihiyon, ekonomiko at estetikong pagpapahalaga ng mga tao, at iba pang mga pagpapahalagang panlipunan. Ang mga pagpapahalagang natukoy ay ang mga pagpapahalagang makikita rin sa mga batàng miyembro ng komunidad. Ang mga ideang nakapaloob sa mga kuwento ay kapareho rin ng mga ideang pinaniniwalan ng mga tao.

MGA PAGPAPAHALAGANG PILIPINO BATAY SA KLASIPIKASYON NI FLORENTINO T. TIMBREZA

Ibinatay ang pagtukoy sa mga pagpapahalagang Pilipino sa mga piling *siday* ng San Julian, Silangang Samar sa klasipikasyong binuo ni Florentino T. Timbreza. Pagsasaad ni Timbreza, ang Pagpapahalagang Pilipino ay maaaring mabakàs sa iba't ibang paraan o anyo: bilang isang pilosopiya sa búhay, personal na karangalan, ugnayang pantao, prinsipyo o isang tuntuning isinasabuhay, isinasagawa, iniisip, binibigyang-katuwiran, sinusuri, ginagawang batayan sa mga desisyon, at ikinikilos.

Nabanggit sa kaniyang aklat na *Filipino Values Today* na ang pilosopiya ng pagpapahalaga ng mga Pilipino ay nagmumula sa iba't ibang hibla ng panitikan at pasalindilang tradisyon na kinasasalaman ng mga karanasan nila sa búhay at nagpapakita ng kanilang kultura, pamumuhay, paniniwala, hangarin, pagpapahalaga, at pakikipag-ugnayan sa isa't isa. Isang patunay lámang na ang panitikan ay tagapagdala ng tatak ng nakaraan at ng búhay sa kasalukuyan.

Talahanayan Blg. 1:

Mga Pagpapahalagang Pilipino Batay sa Klasipikasyon ni Florentino T. Timbreza ⁹

Mga Pagpapahalagang Pilipino	Katuturan	Repleksiyon
Pagkatao	Ito ay iniuugnay sa pagkakaroon ng malinis na pangalan, karangalan, kabutihang-asal, kagandahang-loob, magandang kaugalian, kalinisang-puri, kabaitan, at pagiging mapagkakatiwalaan.	Para sa mga Pilipino, ang pagkakaroon ng dignidad sa sarili ang siyang pinakamahalagang kayamanan sa mundo.

⁹ *Ibid.*

Kahinahunan, pagkamahinahon, pahuhunos-dili	Ang pagpapahalagang ito ay nakatutulong upang makaiwas sa kapahamakan, padalos-dalos na pagdedesisyon at paghuhusga sa oras ng krisis.	Para sa mga Pilipino, ang pagkakaroon ng kahinahunan o ang pagiging mahinahon ay isang mabisang panlunas upang maiwasan ang kaguluhan at pagkabagabag sa oras ng kagipitan o kariwaraan. Ang sinomang may pag-iingat sa lahat ng ginagawa at desisyon ay makaiiwas sa pagkakamali. Samantala, ang isang táong walang ingat at laging nagmamadali sa kaniyang mga kilos at desisyon ay makagagawa ng isang malaking pagkakamali.
Kakayahang mabúhay o makaligtas sa hírap ng búhay	Ito ang nagpapaalala at nagbibigay-motibasyon sa mga tao na pangalagaan ang kanilang kalusugan, mapaunlad ang pamumuhay, magtrabaho nang maigi, at ipaglaban ang mga karapatan upang mabúhay at makaligtas sa hírap ng búhay.	Kahit ano mang hírap ang dinaranas ng mga Pilipino, hahanap at hahanap sila ng paraan upang malampasan ito at mabúhay. Kahit na nasa panganib ang búhay nila, hindi nila pinapansin o iniisip pa ang kapahamakan, mabúhay lámang.
Sipag, kasipagan, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya	Ang mga Pilipino ay naniniwala na ang kasipagan at pagsisikap ay isang malaking puhunan na mayroon ang isang tao. Maaabót ng isang tao ang kaniyang mga naisin kapag nalampasan niya ang lahat ng mga paghihirap sa pamamagitan ng pagsusumikap at pagkakaroon ng mahabang pasensiya.	Ang pagpapahalagang ito ng mga Pilipino ay nakapaloob sa sekreto sa búhay ng mga tao na pagsusumikap, matinding kagustuhan at pagtitiwala sa sarili na maabót ang kanilang mga hangarin at ambisyon sa búhay. Ang búhay ay punó ng paghihirap sa kailangang malampasan upang maabót ang mga pansariling layunin at naisin.
Mahusay na pakikitungò, pakikibagay o pakikipag-ayos at pakikipagkasundo	Ang mga Pilipino ay likás na mahusay sa pakikitungò sa ibang tao sa kabila ng kanilang pagkakaiba-iba sa relihiyon, kultura at wika. Ang mga Pilipino ay nagtataglay ng isang prinsipyo ukol sa di-mababayaran o matatawarang halaga ng kapayapaan at	Bahagi ng kultura ng mga Pilipino ang pagtuturo na ang paggamit ng dahas at puwersa sa pagresolba ng mga alitan at di-pagkakaunawaan ay isang di-makatarungan at di-diplomatikong pamamaraan. Naniniwala ang mga Pilipino na ang mahinahon at matiwasay na paraan

	pagkakasundo-sundo, kapatiran at pagmamahal sa isa't isa.	ng pagsasayos ng mga di-pagkakaintindihan ay makatutulong upang maiwasan ang pagwawalang-bahala at kawalan ng tiwala sa isa't isa ng mga táong sangkot sa sitwasyon.
Paggawa	Ito ay may kinalaman sa kabutihan at kaunlaran ng isang tao, kasaganaan, kaginhawaan, tagumpay at kaligayahan sa búhay. Ang paggawa ay nagbubukas ng maraming oportunidad sa pagbuo ng sangkatauhan at lipunan. Ito ay nangangahulugan ng pagbuo ng mga kondisyon at bagay na angkop upang mabúhay at nangangahulugan din ito ng isang gawain na magdudulot ng pagbabago at gagawing makatao ang mundo.	Para sa mga Pilipino, ang paggawa ay may kaugnayan sa tagumpay at kaligayahan ng mga tao, materyal na kasaganaan sa búhay, pagpapahalaga sa sarili at katuparan ng mga pansariling hangárin. Sa mga dahilang nabanggit na motibasyon ng mga tao sa pagtatrabaho, kilalá ang mga Pilipino sa pagiging produktibo sa trabaho.
Pamumuno, pagkukusa, pagpapanimula o pangunguna	Ang konsepto ng pagkukusa ay nangangahulugan isang kakayahan na manguna at kapasidad na umpisahan ang unang hakbang sa isang gawain. Ang isang táong mapagkusa ay hindi na naghihintay pa sa iba na gawin ang isang bagay. Hangga't káya niya itong gawin, siya na mismo ang magkukusa. Hindi rin siya nag-aalinlangan o nahihiyang magpatulong o humingi ng mungkahi sa ibang tao kung hindi niya alam gawin ang isang bagay.	Maaaring ang isang tao ay maging masipag, mapagsumikap at may mahabang pasensiya, ngunit maaari siyang maungusan ng isang táong mapagkusa. Tulad nga ng kasabihang, “Daig ng maagap ang masipag”, para sa mga Pilipino, ang pinakamahalagang bagay sa pagkukusa ay ang pagsisimula, dahil kapag hindi mo káyang simulan ang isang bagay o gawain ay wala ka ring matatapos.
Pamilya	Kilalá ang mga Pilipino sa kanilang lubos na pagmamahal sa kanilang pamilya. Malaki ang pagpapahalaga nila sa kanilang pamilya na kailangan nilang magtrabaho at gawin ang lahat ng makakaya para lámang sa ikakaunlad at ikatitiwasay ng pamumuhay ng kanilang	Sa mga Pilipino, ang pinakadakilang tagumpay na mayroon sila sa búhay ay ang tagumpay ng kanilang pamilya at ang pinakamasaklap na kabiguan ay ang kabiguan ng kanilang pamilya. Para sa kanila, kahit hindi ka na magtagumpay sa ibang bagay, basta ang

	pamilya. Ang tagumpay ng pamilya ay ang sukatán sa tagumpay ng bawat Pilipino.	mahalaga ay ang magkaroon ng mabiyayang tahanan at pamilya.
Pakikipagkapuwa-tao	Sa pamamagitan nito, napagtatanto natin ang kabuluhan ng búhay at ang halaga ng mabúhay sa mundo dahil sa presensiya at tulong ng ibang tao. Ang mga táong nakapalibot sa atin ang nagbibigay-kahulugan sa ating búhay. Ang ating pagkatao at ang halaga ng ating búhay ay nakasalalay sa iba.	Dahil sa pakikipagkapuwa-tao, mas nakikilala natin ang ating mga sarili, ang ating kapangyarihan, at ang ating mga responsibilidad hindi lámang sa ating mga sarili kundi maging sa ibang tao. Nalalaman natin ang halaga ng pakikisalamuha sa iba sa pamamagitan ng pagiging bukas natin sa anumang ugnayan o pakikipag-ugnayan at ang pakikisalamuha natin sa ibang tao saanmang bahagi ng mundo.
Pag-iwas o Paglaban sa karahasan	Itinuturing ng mga Pilipino na walang halaga o di mapapantayan ang halaga ng pagkakaroon ng kapayaan at pagmamahal sa kapuwa o sa isa't isa, maliban lámang sa iláng táong may mataas na ambisyon at mga sakim. Para sa kanila, ang karahasan at di- pagkakaunawaan ay magdudulot lámang ng pagkapoot at pagkagalit, kawalan ng tiwala, at pagtanim ng masamang kalooban sa isa't isa.	Naniniwala ang mga Pilipino na magkakaroon lámang ng ganap na kapayapaan kung maiiwasan o matitigil ang karahasan. Lahat ay natatalo sa karahasan sapagkat ang karahasan ay magbubunga lámang ng mas malala pang karahasan. Ang kapayapaan ay kaunay ng pagkakaroon ng pagkakaunawan ng mga tao sa lipunan at hustisya. Ang kapayaan ay bunga ng pagkakaroon ng kaayusan sa lipunan at lehitimong pagpapairal ng kalayaan.
Edukasyon	Maliban sa relihiyon, isa pa sa pinahahalagan ng mga Pilipino ay ang edukasyon. Ipinagpapalit ng mga magulang ang kanilang mga ari-arian o ipinagbebenta ang iláng mahahalagang bagay makapag-ipon lámang ng perang maipambabayad ng matrikula ng kanilang mga anak. Dahil din sa kagustuhan ng ibang mga magulang na mabigyan ng edukasyon ang kanilang mga	Malaki ang pagtingin ng mga Pilipino sa mga táong edukado o may pinag-aralan. Ang katalinuhan ng isang tao ay nakapagbibigay sa kaniya ng katanyagan at pagtanggap ng mga tao sa lipunan.

	anak, marami sa kanila ang nakikipagsapalaran sa ibang bansa o nangingibang-bayan.	
Relihiyon	Halos lahat ng mga Pilipino ay maka-Diyos at relihiyoso. Sila ay naniniwala sa daláng himala ng mga dasal, rosaryo at mga nobena ng kanilang mga paboritong santo. Ang mga tao ay naniniwala na ang pagpapatnubay ay gawain ng Diyos, samantalang ang pagkilos ay responsibilidad naman ng tao.	Malinaw na isang malaking pagkakamali sa paniniwala ng mga tao ang pagpapaubaya ng kanilang mga responsibilidad sa Diyos. Dahil sa kanilang pananampalataya, maraming Pilipino ang umaasa na lang sa mga biyayang ipagkakaloob ng Diyos at sa Kaniyang mga himala. Hindi natin kailangang tawagin araw-araw o minu-minuto ang Diyos, kailangan lámang nating kumilos at iunat ang ating mga kalamnan.
Malugod, magiliw at mabuting pagtanggap sa mga panauhin, kagandahang-loob sa mga bisita, mahusay na pakikitungò, pagiging bukás ng tahanan sa mga panauhin	Ang pagiging malugod sa pagtanggap ng mga Pilipino sa kanilang mga bisita o panauhin ay tumutukoy sa kanilang pagiging palakaibigan sa mga bisita at mga táong hindi kilála. Kilalá ang mga Pilipino sa kanilang mabuting pakikitungò sa mga bisita at sa pagpapahayag ng mainit na pagtanggap sa kanila.	Naniniwala ang mga Pilipino sa kasabihang, “ang kabutihan ay nagbubunga ng kabutihan at ang kasamaan ay nagbubunga ng kasamaan.” Kung paano natin tratuhin ang ating mga bisita ay siya ring magiging trato sa atin ng iba. Ang kagandahang-loob, mabuting kalooban at ang magandang pagtanggap mo sa iyong mga bisita ang siyang maikukuwento o maibabalita nila sa iba.
Kalayaan at pagmamahal sa bansa	Mataas ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa kalayaan. Handa nilang ibuwis ang kanilang búhay, pamilya, edukasyon, trabaho, pangarap at kinabukasan para lámang sa kalayaan. Para sa kanila, ang isang búhay na walang kalayaan, kahit gaano pa man kaginhawa, ay walang lasa at kabuluhan.	Káyang ipagpalit ng mga Pilipino ang kaginhawaang kanilang tinatamasa, pamilya, mga mahal sa búhay, mga pangarap at ang kanilang mismong búhay para lámang sa kalayaan at pagmamahal sa bansa. Hindi nila iniisip pa ang masugatan, malumpo, mapagmalupitan, at mapatay basta’t mapalaya lámang ang kanilang mga sarili sa kalupitan ng iba.

Sariling-Disiplina	Ang salitang “discipline” ay nanggaling sa salitang Latin na “disciplina” na nangangahulugang “instruksiyon” o “mga aral”. Madalas itong tumutukoy sa pagsasanay sa pagsunod o pamumuhay batay sa mga panlipunang pamantayan o tamang pag-uugali, mga prinsipyong moral at regulasyon, upang magkaroon ng maayos, mapayapa at makatarungang ugnayang pantao para sa ikabubuti ng lahat.	Dahil sa pakikipagkapuwatao, mas nakikilala natin ang ating mga sarili, ang ating kapangyarihan, at ang ating mga responsibilidad hindi lámang sa ating mga sarili kundi maging sa ibang tao. Nalalaman natin ang halaga ng pakikisalamuha sa iba sa pamamagitan ng pagiging bukás natin sa anumang ugnayan o pakikipag-ugnayan at ang pakikisalamuha natin sa ibang tao saanmang bahagi ng mundo.
Pananagutang pagmamagulang	Ito ay nangangahulugang ang mga magulang ay may moral na pananagutan sa kanilang mga anak. Ito ay napakahalaga sa kulturang Pilipino sapagkat ito ay kinapapalooban ng tamang pagpapalaki, pag-aaruga, pagsasanay at pagdidisiplina ng mga magulang sa kanilang mga anak.	Ito ang pinakamahalagang uri ng responsibilidad sa kahit anomang lipunan dahil kung wala ito, ang pamilya na siyáng itinuturing na pinakamaliit na yunit ng lipunan ay maaaring mawasak kung ang pagiging magulang ay hindi maisasakatuparan. Kung hindi magiging maayos ang isang pamilya, makaaapekto ito sa lipunan.

PAGSUSURI SA MGA PILÍNG *SIDAY* NG SAN JULIAN, SILANGANG SAMAR

Mula sa mga *siday* na nakalap ng mananaliksik, 10 ang napili ng mga balideytor¹⁰ batay sa mga tukóy na kraytiryá at siya ring sinuri. Tatlo lámang ang isinama sa papel na ito dahil sa limitasyon sa bilang ng mga salitang maaaring ilathala sa isang *journal* o publikasyon. Ang kraytiryang binuo ng mananaliksik ay kinapalalooban ng

¹⁰ Kalahok sa kasalukuyang pananaliksik ang mga guro ng nagtuturo ng panitikan at kasaysayan sa elementarya, sekondarya at kolehiyo bilang mga balideytor ng mga tulang gagamitin sa pagsusuri. Sila ay pinili batay sa sumusunod na kraytiryá: (a) nakapagsasalita o nakauunawa ng wikang Waray o Samarnon, (b) kumuha ng programang BSEd/BEEd Filipino o *Social Studies* o *AB History* sa antas digradwado, (c) may 5-10 taóng karanasan sa pagtuturo ng Filipino o Kasaysayan, (d) dalawang dekada o higit pa na naninirahan sa bayan ng San Julian, (e) nakapanood ng aktuwal o nakapagtanghal na rin ng pagtatanghal sa pagbigkas ng *siday*, at (f) kasapi ng samahang pangkultura sa bayan ng San Julian.

Ang lupon ng mga balideytor ay binubuo ng mga guro at dáting guro sa Filipino sa San Julian Central Elementary School at San Julian National High School, isang dáting propesor sa Literatura sa UP Visayas Tacloban College, at isang propesor sa Araling Panlipunan sa Eastern Samar State University.

sumusunod: (a) ito ay isinulat ng isang makata o *paragsiday* na taga-San Julian sa probinsiya ng Silangang Samar; (b) ito ay maaaring nakuha mula sa *Cultural Heritage Map* ng bayan ng San Julian, mga *souvenir program*, mga proyekto sa paaralan o kayâ naman personal na hiningi mula sa mga kilalang *paragsiday*; (c) ang *siday* ay hindi lámang binigkas o binibigkas, ito rin ay dapat na naisulat o naisatitik; (d) ito ay isang tulang ukol sa bayan (naglalarawan ng pag-ibig ng mga mamamayan sa bayan na ipinakikita sa pamamagitan ng pagmamahal at pagpapahalaga sa bayan, pagpapahayag ng kalungkutan, pagkahabag, at paghihimagsik ng kalooban dahil sa pang-aabuso ng mga likás na yaman; (e) ito ay nagtataglay ng mga Pagpapahalagang Pilipino tulad ng pagpapahalaga sa kababaihan, pagtitiyaga, pagtitiis at pagbabáta, rasyonalismo, hiya, patalismo, utang na loob, pakikisama, pag-ibig sa Diyos. kahalagahang pampamilya, pagkamakabansa, paggalang sa awtoridad, kahalagahang pangkabuhayan, pagtitiwala sa sarili, pagpapahalaga sa puri at dangal at kalinisang moral, kamalayan sa nakaraan, at pagpapahalaga sa armonya, kapayapaan at kaayusan; at (f) ito ay nagpapakita o sumasalamin sa búhay at kultura ng mga San Juliananon.

Pagkatapos na mapili ang tatlong tulang Lineyte-Samarnon na isinulat ng mga *paragsiday* sa bayan ng San Julian, sinuri ito gamit ang *Textual Analysis*. Binása muna ang mga *siday* nang tatlong ulit at inunawa nang maigi ang kahulugang nais iparating ng mga ito. Sa pangalawang pagbása ay nilagyan na ng mga marka ang mga salitang nagpapakita ng mga Pagpapahalagang Pilipino (sa pagtukoy nito, ginamit na batayan ang klasipikasyon ng mga Pagpapahalagang Pilipino ni Timbreza) at iniugnay ang iláng mga salita, taludtod at saknong ng mga tula sa karanasan ng mga San Juliananon. Ginamit din ang *Archival Research* upang bigyan ng patunay ang mga karanasan ng mga San Juliananon sa pamamagitan ng iláng mga dokumento o mga materyal na makatutulong sa paglalarawan sa kanilang kultura.

A. PAGSUSURI SA TULANG “AN POBRE” (DUKHA) NI NELIA M. CARAGA¹¹

“An Pobre”

(Dukha)

ni Nelia M. Caraga

Hi ako natawo

Butnga han kagugub-an

¹¹ Local Government Unit ng San Julian, Eastern Samar, Intangible Heritage: San Julian, Eastern Samar Cultural Heritage Mapping (2011).

Balay nga gutiay
An salog kawayan
Binabati ko huni han katamsihan
Nakakaliaw hadton kamingawan.

Pastilan! Ay pastilan!
An pobre, an pobre
Pastilan! Ay pastilan! kamakuri
Amon kinakaon, palawan kamote
Amon ginsusura, ginlukad nga lubi.

Isa ang salitang “*pobre*” sa mga salitang hiram ng mga Waraynon sa mga Espanyol. Katumbas ito ng salitang “*kabos*” o “*kablas*” ng mga Bisaya o Binisaya at “*dukha*” o “*mahirap*” naman sa mga Tagalog. Ginagamit din paminsan-minsan ng mga Samarnon ang salitang “*pobrehanon*” para tukuyin ang isang táong walang-wala o hikahós sa búhay. Ang payak na pamumuhay sa bukid, kahit hindi naman ganoon kahirap ang sitwasyon, ay itinuturing ng ilan ngayon na kahirapan. Mahirap ang isang tao o pamilya kung nakatira lámang sa isang “*balay na gutiay*” (maliit na bahay), sa “*butnga han kagugub-an*” (gitna ng kagubatan), at kung ang “*kinakaon, palawan, kamote*” (kinakain, palawan at kamote) kahit na natutugunan ang kanilang mga pangangailangan sa búhay tulad ng pagkain nang tatlong beses sa isang araw dahil sa mga pagkaing maaaring makuha sa mga pananim o kayâ naman sa mga isda at mga pagkaing-dagat na maaaring mahuli sa karagatan. Ang nakasanayang simpleng pamumuhay noon pa ng mga San Juliananon¹² ay naging salamin na ng karukhaan sa kasalukuyan dahil ang batayan ngayon ng kaginhawaan ay ang pagkakaroon ng malaki at sementadong bahay o kapag nakatitikim ng masasarap na pagkain tulad ng karne at mga pagkaing nabibili sa mga groseri o malalaking tindahan.

Batay sa klasipikasyon ng mga Local Government Unit (LGU), ang bayan ng San Julian ay isang *5th Class Municipality*.¹³ Ayon sa Executive Order No. 249, s. 1987 o ang *Providing for a New Income Classification of Provinces, Cities and Municipalities, and for Other Purposes*, ang mga bayang nasa ganitong klasipikasyon ay nakalilikom lámang ng taunang kita na 1-3 milyong piso. Nabibilang ang bayan sa Probinsiya ng Silangang Samar na itinuturing ding isa sa pinakamahirap na lalawigan sa buong Pilipinas. Noong taóng 2013, naitala ang lalawigan bílang ikatlong pinakamahirap na

¹² San Juliananon ang tawag sa mga táong nakatira sa bayan ng San Julian.

¹³ Ang impormasyon ay nakuha mula sa website ng Department of the Interior and Local Government (DILG) (lga.gov.ph) at sa opisyal na website ng Pamahalaang Panlalawigan ng Silangang Samar ayon sa census noong taóng 2015 (easternsamar.gov.ph).

probinsiya sa bansa batay sa *First Semester Poverty Statistics* ng National Statistical Coordination Board (NSCB)¹⁴ at ika-11 o 12 naman noong taóng 2015.¹⁵ Sa isang ulat naman ng Philippine Statistics Authority (PSA), 3 sa bawat 10 pamilya sa buong rehiyon ng Silangang Visayas na kinabibilangan ng bayan ng San Julian, ay mahihirap, at 4 naman sa bawat 10 tao ang mahihirap.

Sa gitna ng kahirápan o hirap ng búhay, madalas na nasasambit ng mga San Juliananon ang, “*Pastilan!*”¹⁶ o kayâ naman minsan, “*Pastilan ine nga kinabuhì*” (*Pastilan*, itong búhay na ito!). Katulad ng mga linyang ito mula sa tula:

*Pastilan! Ay pastilan! Kamakuri
Amon kinakaon, palawan kamote
Amon ginsusura, ginlukad nga lubi.*

Hay naku! Hay naku! Sobrang hirap
Aming kinakain, palawan at kamote
Aming inuulam, kalibkib.
(*Salin sa Filipino ng mananaliksik*)

Sa kabila ng mga pagsubok o ng kahirápang nararanasan, nagagawa pa rin ng mga San Juliananon na magpatúloy sa búhay. Isa ito sa mga pagpapahalagang Pilipino na likás sa kanila, ang pagtitiis o pagtitiyaga sa kung anong sitwasyon ang naibibigay ng kalikásan sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit kahit ano mang bagyo o unos ang danasin ng mga San Juliananon, nagagawa pa rin nilang patúloy na mabúhay. Halimbawa nito, kapag wala siláng maipambili ng bigas o ulam o kayâ naman dahil sa pagkasira ng mga pananim na dulot ng bagyo tulad ng mga palay at gulay, nagtitiis lámang sila sa pagkain ng *palawan* at kamote. Nakagawian na nila ang pagsaluhan ang mga ito sa hapag-kainan kapag walang maihandang kanin at ulam. Mayaman ang bayan ng San Julian sa mga pananim na maaaring pagkunan ng pagkain at hanapbuhay tulad ng niyog at mga lámang-ugat gaya ng kamote at palawan.¹⁷ Tatlo ang pangunahing pananim sa Silangang Samar: niyog, kamoteng-kahoy, at kamote. Sa katunayan, lumabas sa *2018 Regional Social and Economic Trends* ng Silangang Visayas na isinagawa ng PSA – Regional Statistical Service Office VIII na nasa 274, 852

¹⁴ Cai U. Ordinario, “MAP: The poorest provinces in Ph.” (nakuha mula sa rappler.com na inilathala noong 25 Setyembre 2013).

¹⁵ The Summit Express, “Mindanao has 11 of 20 Poorest Provinces in the Philippines.” (nakuha mula sa thesummitexpress.com na inilathala noong 25 Marso 2016)

¹⁶ Ayon sa diksiyonaryo.ph, ito ay nangangahulugan ng pagbulalas ng buwisit, galít, at katulad bagaman ginagamit ng iba sa paraang walang kahulugan. Sa cebuano.pinoydictionary.com naman, ito naman ay isang eskpresyon ng matinding pag-aalala o kalungkutan.

¹⁷ Batay sa datos tungkol sa bayan ng San Julian na mula sa Souvenir Program ng pista ng bayan noong taóng 2016, nasa 15,062 ektarya ang lawak ng lupain ng buong bayan.

metriko tonelada ang produksiyon ng niyog sa 62, 357 ektaryang lupain noong taóng 2012; 15, 472 metriko tonelada naman ang sa kamoteng-kahoy sa 2, 173 ektaryang lupain; at 7, 297 metriko tonelada ang kamote sa 2, 274 ektaryang taniman. Kahit hindi sapat ang palay na naaani o kayâ naman ang mga isdang nahuhuli sa karagatan, hindi magugutom ang isang San Juliananon basta marunong lámang magtiis o magtiyaga katulad ng pagkain ng *palawan*, kamote at “*linukad nga lubi*”.¹⁸

Hindi na maaalis bílang katangian ng mga San Juliananon ang pagkamatiisin dahil higit pa sa mga suliraning ito ang mga pagsubok na kanilang dinanas tulad ng malalakas na lindol at *super typhoon*. Sa Local Climate Change Action Plan 2017 – 2047: Municipality of San Julian, Eastern Samar, nakasaad ito:

Taking into account its geography, topography, and climatic patterns and conditions, the Municipality of San Julian thus lie along a hazard prone location. Since it faces the Pacific Ocean, it is highly exposed to various hydrometeorological hazards like excessive precipitation, flooding, rain-induced landslides (RIL), typhoons and storm surges. The municipality is also prone to seismic tremors that cause liquefaction and earthquake-induced landslides (EIL) due to the province’s location within the Pacific Ring of Fire (p. 13).

Maraming bahay at iba pang ari-arian ang nasira sa pagsalanta ng Bagyong Yolanda noong taóng 2013 at ng Bagyong Ruby noong taóng 2014 lalo na iyong mga barangay na malápit sa baybayin tulad ng Casoroy, Nena, Campidhan, Libas, Cambatong, Campalao, at Pagbabangnan. Iláng malalakas na lindol din ang nag-iwan ng pinsala sa lugar katulad ng 7.7 *magnitude* na lindol na tumama noong Agosto 31, 2012. Ang bayan ng Guiuan ang sentro ng lindol subalit napinsala ang iláng mga tulay sa bayan ng San Julian, gaya ng Layog Bridge at Barangay Casoroy Bridge. Iláng mga bahay din ang nasira.¹⁹ Sentro naman ang bayan ng 6.5 *magnitude* na lindol na yumanig noong Abril 23, 2019. Nagdulot ito ng pagkatumba ng krus sa itaas ng kampana ng simbahan, isang Simbahang Katolika na itinatag pa noong ika-18 siglo. Iláng mga bato rin ang natipak sa gilid ng simbahan. Nagdulot din ang lindol ng pagkabiya ng mga dingding ng mga gusali at kalsada.²⁰ Ang lokasyon ng San Julian

¹⁸ Tinatawag din itong kalibkib na tumutukoy sa laman ng niyog na pinausukan at pinatuyo para gawing langis. Ginagamit din ito sa produksiyon ng kandila, sabon, at iba pa (diksiyaryo.ph).

¹⁹ National Disaster Risk Reduction and Management Council, “NDRRMC Update: SitRep No. 06 re Effects of Earthquake in Guiuan, Eastern Samar” 2012.

²⁰ Norman Bordadora, “No Casualty as of Tuesday afternoon in wake of Eastern Samar earthquake,” GMA News, 2019.

bilang daanan ng mga bagyo taon-taon, ang iláng mga lindol na naranasan nito, at ang iba pang kalamidad na tumatama dito ay nagpapatatag sa mga San Juliananon na kahit anomang hírap ang dumating sa búhay, patúloy siláng babangon. Nagawa pa rin nilang magtiis at magpatúloy sa kabila ng mahirap na kalagayang dulot ng mga sakuna.

Sa siday na *An Pobre*, ginamit na simbolo ni Caraga ang “*katamsihan*” (mga ibon) bilang sagisag ng kalayaan, kasiyahan, at kapayapaan ng pamumuhay sa bukid. Ang pagbanggit sa mga ibon upang tumukoy sa kapayapaan ay pahiwatig na ang mga San Juliananon ay may pagpapahalaga sa bagay na ito. “*Kamurayaw*”²¹ ang katumbas na salita ng mga Samarnon o Waraynon sa salitang kapayapaan. Maitutumbas din sa salitang ito ang “*kalinaw*” o “*kalinawan*”²² o “*kamingawan*.”²³ Nabanggit sa tula na nagdudulot ng “*kamingawan*” sa persona ang mga nagliliparang ibon. Malaki ang kanilang pagpapahalaga sa mga ibon, hindi lámang bilang isang simbolo kundi bilang isang kayamanang bigay ng Diyos. Pinagsusumikapan ng mga San Juliananon na pangalagaan ang kanilang tiráhan, ang kagubatan. Malawak ang sakop ng kagubatan sa bayan ng San Julian. Iláng mga pamayanan o barangay ding tinatawag na “inland barangays” ang nasa gitna nito tulad ng Caruyagon at Bunacan. Sa buong Silangang Samar, tinatayang nasa 178.366 ektarya ang lawak ng kagubatan na hindi lámang tirahan ng iba’t ibang uri ng ibon kundi pangunahing pinagkukunan din ng iba’t ibang produkto tulad ng mga kahoy at ratan.²⁴

Tumututol ang mga San Juliananon sa mga gawaing nakasisira sa kagubatan tulad ng pagmimina o ilegal na pagputol ng mga punongkahoy. Dahil din sa naidudulot nitong sakuna sa mga tao sa mga pamayanan tulad ng matinding pagbaha noong taóng 1898, ipinatigil ng pamahalaan ang pagtotroso mula taóng 1990 hanggang sa kasalukuyan.²⁵

Sa kabila ng hírap sa búhay na nararanasan ng mga San Juliananon, patúloy siláng bumabangon at napananatili ang katiwasayan sa kanilang mga tahanan at

²¹ Batay sa Diksyunaryo Waray-Waray (Visaya) English-Tagalog ni Tomas A. Abueg, ito ay nangangahulugan ng panahon na walang gulo o away.

²² Batay sa binisaya.com, nangangahulugan ito ng “*calmness*” sa wikang Ingles.

²³ Ang “*kamingawan*” naman ay kasingkahulugan ng salitang “*kalinawan*” at katumbas din ng salitang *kamurayaw* ayon sa Diksyunaryo Waray-Waray (Visaya) English-Tagalog ni Tomas A. Abueg

²⁴ Nakuha ang impormasyon mula sa easternsamar.gov.ph, ang opisyal na *website* ng Lalawigan ng Silangang Samar.

²⁵ *Ibid.*

at pamayanan. Ang pagkakaroon ng malayang pamumuhay na malayo sa kapahamakan at kaguluhan, hindi tulad ng búhay ng mga tao sa lungsod, ang siyang dahilan kung bakit labis ang kanilang pagmamahal sa kanilang lupang sinilangan. Mapapansin sa mga San Juliananon ang kapayakan ng pamumuhay ngunit sa kabila nito makikita pa rin sa kanila ang kasiyahan at kasaganaan kasáma ang kanilang pamilya. Ang katahimikan ng kapaligiran ay nakapagbibigay sa kanila ng kalayaan, kalinawan at kahinahunan na mapag-isipan ang mga solusyon sa kanilang mga suliranin at mapagplanuhan nang maayos ang kinabukasang darating.

*Binabati ko huni han katamsihan
Nakakaliaw hadton kamingawan.*

Naririnig ko ang huni ng mga ibon
Nagbibigay-kasiyahan sa katahimikan
ng nayon.
(*Salin sa Filipino ng mananaliksik*)

B. PAGSUSURI SA TULANG “DIPENSA” (DEPENSA) NI ROMEO QUILOÑA²⁶

“Dipensa” (Depensa)
ni Romeo Quiloña

Tinahod nga hukom hine nga paisan-isan
Maupay nga oras ha iyo ngatanan
Ako nabakdaw yana ha iyo atubangan
Pagrepresentar han dipensa han katigurangan,
Ha bungto namon ha San Julian
Dinhe hine nga celebrado numero uno nga kaso
Mga katigurangan hira akusado
Hira daw waray na mga gamit, mga waray pulos
Kundi mga problema, mga paras-anon ha kros.

Seryoso nga reklamo pero usa la nga opinyon
Sanglit opinyon man liwat, una ko nga baton
Ha opinyon ni Santo Papa Francis
Lider hin kapin sais milyones
An katigurangan, siring niya
Tagdara han eksperyensya ngan kinaadman.

Tungod hine nga ira nabuhat
Angay hira tagan dugang nga respeto pagpasalamat

²⁶ Local Government Unit ng San Julian, Silangang Samar, *op.cit.*

Iton pagkatigurang dire pagkadunot
Kundi lugod ine pagdugang hit tarum ngan pagkamaidlot
Hit panhunahuna ngan paggamit hit buot.

Sanglit katigurangan dire gud sawaan
Kay tagsa ha ira puno hin kinaadman
Bunga pakiglantugi nira nagpusta hin dugo
Ha halawig nga kinabuhi nga ira gintuyo.
Usa pa nga opinyon nga amon dipensa
Toto-o nga iton edad hit tawo dire nasusukol
Kon pira katuig ha im kinabuhi linahos
Makalilipay man makabibido
Kay iton edad usa nga estado hin marig-on
Nga paminsar ug disposisyon.

Subay hine nga panhunahuna
Pareho ka kalagas hit imo mga pagduda
Mga pagkahulop, mga pagruhaduha
Ngan pagkabata, ngan pagkaabtik mo
Tupong kahataas, hit panganuron
Nga abot hit imo ambisyon
Mga hingyap nga malamrag nga kabobwason.

Katigurangan ha Samar Sinirangan
Ha lebel probinsyal hasta kabarangayan
Mga organisado ngan mga pagpapalakat tuhay
Subay ha balaod mga aludayday
Aktibidades nira ug mga proyekto
Ginpinsar ginlarang para masiguro
Karawton pagpulsan han benefesyaryo
Ngatanan mga bulig ayuda han gobyerno.

USCA²⁷ HA SAN JULIAN upod Sangguniang Bayan
Proyekto nagpundar Family Edification Plan
Pina-agi han edukasyon pamilya agbayon ngan buligan
Pamatasan nga baliko mabag-o ug tadongon
Upod igtototdo pina-agi han hugot nga pagka-orosa
Pagrespitohay, pagbinuligay
Estabilidad nga karig-on han pamilya
Sayod na kikitaon ha balay.

²⁷ Nangangahulugang United Senior Citizens Association. Ito ay isang organisasyon ng mga Senior Citizen sa bayan ng San Julian.

Ha akon pagsera hine nga dipensa
 Hingyap han katigurangan
 Ha gobyerno nasyonal kunta pamati-an
 Pamilya Pilipino ungod nga buligan
 Basi mga kabataan, upod hira Lolo
 Hira Lola, mga kinahanglan nira
 Pag-ataman matagan.

Bílang isang kathang-panitik, taglay ng tulang ito ni Quiloña ang isang mahalagang sangkap, ang pagbibigay-diin sa mga pagpapahalagang Pilipinong sumasalamin sa kultura ng mga San Juliananon. Sa ikatlong saknong ng tula ay makikita ang paggalang sa matatanda. Likás sa mga San Juliananon ang magbigay ng mataas na paggalang sa matatanda at kinikilála nila ang malaking ambag ng mga ito sa lipunan. Malaki ang pagtingin ng mga San Juliananon sa mga matatanda sapagkat hinahangaan nila ang nagawa ng mga ito sa kanilang pamilya at lipunan na kanilang ipinamamana sa kanilang mga anak at apo. Nagtataglay rin sila ng mga karanasan at kaalámang nakapagbibigay-aral sa mga susunod sa kanilang yapak. Sa San Julian, maraming miyembro ng organisasyon ng mga *Senior Citizen* ang nabibigyan pa rin ng pagkakataong magsilbi sa bayan, hindi man sa mga posisyon sa gobyerno kundi aktibo sila bílang mga lider sa iláng mga lokal na organisasyon. Isa na riyang ang sumulat ng *siday* na ito na si G. Romeo Quiloña na isang aktibong lider ng mga *Senior Citizen*. Pagkatapos niláng magretiro sa kanilang mga trabaho, pinapasok naman ng mga Senior Citizen ang serbisyo-publiko. Ang iba naman ay nagiging aktibo sa paglilingkod sa simbahan. Mayroon din namang iba na pinipili ang payak na pamumuhay tulad ng pagbibigay-tuon sa pag-aalaga ng kanilang mga sakahan o palayan. Inilalaan nila ang perang buhat sa pagreretiro sa pagbili ng lupa, pagbili ng mga kagamitang pang-agrikultura, at ang iba naman, ginagamit upang makapagsimula ng negosyo na may kaugnayan sa pagsasaka at pangangisada. Mataas ang paggalang sa kanila ng mga mamamayan dahil sa kabila ng kanilang edad, malaki pa rin ang naiaambag nila sa pamayanan.

*Tungod hine nga ira nabuhat
 Angay hira tagan dugang
 nga respeto, pagpasalamat
 Iton pagkatigurang dire pagkadunot
 Kundi lugod ine pagdugang
 hit tarum ngan pagkamaidlot
 Hit panhunahuna
 ngan paggamit hit buot.*

Dahil sa kanilang mga nagawa
 Dapat lámang na sila'y bigyan
 ng paggalang at pasasalamat
 Ang katandaan ay hindi pagkabulok
 Kundi ito'y pagdaragdag
 sa talim at talas
 Ng pag-iisip at pag-uugali.
(Salin sa Filipino ng mananaliksik)

Bilang pagkilála sa mga nagawa ng matatanda at bilang paggalang at pasasalamat sa kanila, iláng hakbang ang ginagawa ng mga San Juliananon para sa kanilang sektor. Isang *Medical and Dental Health Mission* ang isinagawa noong ika-30 ng Oktubre 2018 sa pangunguna ng Rural Health Unit ng San Julian. Mayroon itong temang “Para kay Lolo at Lola.”²⁸ Naaprobahan naman sa isinagawang Ikalawang Regular na Sesyon ng Sangguniang Panlalawigan ng Silangang Samar noong ika-19 ng Hulyo 2019 ang Resolution No. 19-17, Series of 2019. Ito ay nagdedeklara sa pagiging balido at konsistent sa batas ng Ordinance No. 04, Series of 2018 na pinamagatang, *An Ordinance Exempting All Senior Citizens of the Municipality of San Julian, Eastern Samar from payment of Entrance Fee at Liliputan Rocky Beach Park and Penalties Thereof*. Kung magtutulóy-tulóy ang pagpasá nito, pormal na kikilalanin ang pagpapahintulot sa matatanda na libreng makapasok sa nasabing pook-pasyalan.²⁹

Isa pang pagpapahalagang Pilipinong taglay ng mga San Juliananon na makikita sa tula ang pagiging mapagkakatiwalaan o ang pagpapahalaga sa tiwala ng iba na malinaw na isinasalaysay sa ikaanim na saknong:

*Mga organisado ngan mga pagpapalakat
tuhay*

*Subay ha balaod mga aludayday
Aktibidades nira ug mga proyekto
Ginpinsar ginlarang para masiguro
Karawton pagpulsan han benefesyaryo
Ngatanan mga bulig ayuda han
gobyerno.*

Organisado at maayos na pamumuno
Naaayon sa batas na mga suporta
Mga gawain nila o mga proyekto
Pinagplanuhang mabuti upang
masiguro
Tanggapi’t pakinabangan ng mga
benepisyaryo
Lahat ng tulong na bigay ng gobyerno.
(*Salin sa Filipino ng mananaliksik*)

Pinahahalagahan ng mga San Juliananon ang tiwala ng ibang tao sa pamamagitan ng pagtupad sa pangako o paglilingkod nang maayos at nang may katapatan sa kapuwa. Tulad halimbawa sa organisasyon ng mga *Senior Citizen*, sinusunod ng mga namumuno ang isinasaad ng batas sa pagpapatupad ng kanilang mga gawain at proyekto at pinagpapanuhan nila itong mabuti upang masigurong maisasagawa ito nang matagumpay. Ito ay bunga ng kanilang karanasan na ang iba ay naging pinunò na rin ng mga ahensiya ng pamahalaan at ibang organisasyon.

²⁸ Nakuha ang impormasyon mula sa opisyal na Facebook page ng Local Government Unit ng San Julian na nai-post noong Oktubre 30, 2018.

²⁹ Nakuha ang impormasyon mula sa opisyal na Facebook page ng Local Government Unit ng San Julian na nai-post noong Hulyo 26, 2019.

Sinisiguro rin nilang makararating sa bawat miyembro ang ayudang ibinibigay ng gobyerno. Dahil sa tiwalang ito sa pamunuan ng organisasyon ng mga *Senior Citizen*, patúloy na lumalaki ang kanilang samahán. Pinatutunayan nito ang paniniwalang “Matatapuran gud it maupay nga pamumuno” (Mapagkakatiwalaan talaga ang isang mahusay na pamumuno). Isa rin sa madalas sabihin ng mga San Julianon ay “Kun it pagtapud mawara, makuri na mahibalik” (Kung ang pagtitiwala ay mawala, mahirap na itong maibalik). Ganoon nila iniingatan ang tiwalang ibinibigay ng iba na parang isang gintong kayamanang dapat itago at pangalagaan.

Dahil sa mahusay na pamumuno ng kanilang mga lider tulad ni G. Romeo Quiloña na kasalukuyang Senior Citizens Federated President sa buong Silangang Samar, nasisiguro ng mga miyembro na nakukuha nila ang kanilang mga benepisyo tulad ng mga pensiyon. Sa buong Probinsiya ng Silangang Samar, may 12, 036 pensiyonado at may alokasyon ang mga ito na P72, 216, 000. Nakatatanggap ang bawat pensiyonado ng P1,500.00 bawat kuwarter. Ito ang siniguro ng Department of Social Welfare and Development (DSWD).³⁰ Sa masigasig din na pagsusulong sa pagkilála sa kanilang karapatan bilang miyembro ng lipunan, inihahain ngayon ng kinatawan sa Kongreso ng buong Probinsiya ng Silangang Samar na si Rep. Maria Fe Abunda, ang batas na magbibigay ng regalong salapi sa mga tinatawag na *centenarian* o mga miyembrong aabot sa edad na 100. Inihain ang bill na ito ni Abunda noong ika-27 ng Pebrero 2020 na balak amyendahan ang Seksiyon 2 ng Batas Republika Blg. 10868 na tinatawag ding Centenarians Act of 2016. Ani Abunda:

*To care for those who cared for us and who have carried our nation's cultural heritage need to be given the proper assistance and must be able to enjoy this assistance as soon as they enter the latter years of their lives. This measure will be of great financial assistance for their well-being and the enjoyment of their families.*³¹

Hindi nawawala ang tiwala ng mga *Senior Citizen* sa bayan ng San Julian sa pamunuan ng kanilang organisasyon dahil sa pagsusulong ng mga hakbang para sa kanilang ikabubuti.

³⁰ Mula ito sa artikulo ng Manila Bulletin na “Benefits to Eastern Visayas elderly assured by DSWD” na nakuha mula sa pressreader.com/Philippines.

³¹ Mula ito sa artikulo ng Manila Bulletin na “Easter Samar solon proposes 100k cash gift to centenarians” na nakuha mula sa news.mb.com.ph.

Malinaw rin na makikita sa tula ni Quiloña ang pagpapahalaga sa pamilya. Sa mga taludtod ng ikapitong saknong, inilalahad ang pagtulong sa mga pamilya sa pamamagitan ng *Family Edification Plan* na inilunsad ng United Senior Citizen Association (USCA) ng San Julian at ng Sangguniang Bayan. Isinasaad sa saknong na ito ang pagpapatibay sa pamilya:

USCA HA SAN JULIAN

upod Sangguniang Bayan

Proyekto nagpundar

Family Edification Plan

Pina-agi han edukasyon

pamilya agbayon ngan buligan

Estabilidad nga karig-on han pamilya

Sayod na kikitaon ha balay.

USCA sa San Julian

kasama ang Sangguniang Bayan

Nagtatag ng proyektong

Family Edification Plan

Sa pamamagitan ng edukasyon

pamilya’y aakayin at tutulungan

Estabilidad na tibay ng pamilya

Malinaw na makikita sa tahanan.

(Salin sa Filipino ng Mananaliksik)

Mahalaga sa bayan ng San Julian ang pagpapatibay ng samahan ng mga pamilya kayâ naglulunsad ng mga programa ang pamahalaan katuwang ang ibang ahensiya ng gobyerno tulad ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD), kasáma ang iba pang mga organisasyon tulad ng USCA at Terres de Homes (isang *Non-Government Organization* sa bayan), na mabigyan ng edukasyon ang bawat miyembro ng pamilya kung paano pagtitibayin ang ugnayan sa isa’t isa. Maging ang Simbahang Katolika ay nagsasagawa din ng mga gawain sa pamamagitan ng iláng mga organisayong pansimbahan tulad ng Youth for Christ, Singles for Christ at Couples for Christ upang akayin ang bawat kasapi ng pamilya sa mabuting landas túngo sa pagkakaroon ng kaayusan at katahimikan sa kanilang tahanan. Sa San Julian, sa haligi ng tahanan nakasalalay ang katiwasayan ng pamilya. Ang ama ang gumagawa ng paraan para mabúhay ang kaniyang asawa at mga anak; siyá rin ang nagtuturo ng paggalang sa bawat miyembro lalo na ang paggalang ng anak sa mga magulang o nakatatanda; at siyá rin ang modelo ng kabutihang-asal sa kaniyang mga anak.

Mahalaga sa lokal na pamahalaan ang kaayusan sa loob ng pamilya at malaki ang kanilang paniniwala na magmumula ito sa kalusugan ng bawat isa. Kaugnay nito, nagsagawa ng isang *Municipal Health Summit* ang Municipal Health Office (MHU) ng bayan na may temang, “Healthy Family, Healthy Community.”³² Pinuri ng alkalde ng

³² Nakuha ang impormasyon mula sa opisyal na Facebook page ng Local Government Unit ng San Julian na nai-post noong ika-23 ng Marso 2018.

bayang na si Kgg. Dennis P. Estaron ang gawaing ito ng MHU lalo na ang mga *health worker* na tumitiyak ng kalusugan ng bawat miyembro ng pamilya na siyang simula ng pagkakaroon ng isang malusog na pamayanan.

Iláng pagpapahalagang Pilipino pa ang makikita sa mga linya sa ikapitong saknong tulad ng pagkakaroon o pagtataglay ng mabuting asal at pagkakaisa bilang patunay na taglay ito ng mga San Juliananon. Pamilya, lalo na ang mga magulang, ang unang nagtuturo sa kabataan ng kabutihang-asal. Mababakás ito sa sumusunod na saknong:

Pamatasan nga baliko

mabag-o ug tadongon

Upod igtototdo pina-agi

han hugot nga pagka-orosa

Pagrespitohay, pagbinuligay

Di-magagandang ugali’y

baguhin, iwasto

Kasámang ituturo sa pamamagitan

ng matibay na pagkakaisa

Paggalang at pagtutulungan

(Salin sa Filipino ng mananaliksik)

Modelo ng mga anak ang kanilang mga nanay at tatay. Kung ano ang ugali’t asal ng mga magulang ay siya ring susundan ng mga anak. Ang mga pamilyang San Juliananon ay sumusunod pa rin sa mga tradisyon o matatandang kaugaliang ipinamana pa sa kanila ng kanilang mga ninuno tulad ng pagtuturo sa kanilang mga anak ng pagiging masunurin, hindi pagsagot sa mga magulang, paggalang, at pagtulong sa mga gawaing-bahay. Responsibilidad din ng mga guro sa paaralan, bilang mga itinuturing na pangalawang magulang, na pangaralan ang mga bata upang magkaroon ng magandang kaasalan lalo na iyong mga hindi nabibigyan ng pansin o patnubay sa kanilang mga tahanan. Ang pagtutulungang ito ng mga magulang at mga guro sa paghulma sa pagkatao ng kabataan ay ugnayang tanda ng pagkakaisa. Kasáma rin dito ang ilan pang mga sektor sa lipunan tulad ng pulisya at simbahan na gumagabay tungò sa tamang landas. Pinahalalagahan nila ang pagkakaisa para sa kapakanan ng kanilang mga anak tulad ng pagpapaalala sa kanila na umiwas sa masasamang bisyo gaya ng pag-inom, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, at pagsusugal.

C. PAGSUSURI SA TULANG “*SAN JULIAN*” NI EDGAR ONGE³³

“*San Julian*”
ni Edgar Onge

San Julian, San Julian
Bungto ha Sinirangan
An isla, An isla
Ha Samar nga bantugan.

Diin an adlaw nasirang
Diin an adlaw natikang
Ha sidsid han kalalawdan
Atubang han Liliputan³⁴
Mahusay nga parigo-an
Ligid han kalulyangan
Matin-aw nga lurang
Damo an kaisdaan.

Hingyap han katamsihan
Nga nagluluparan
Ha pungkay han kabubkiran
Kon aton pagkukulawan
Marampag nga kakahuyan
Matimgas nga kahumayan
Ha bagis han mga sapa
Ngadto han kapatagan.

Daganas han tubig
Kasikas han mga dahon
Labi na gud kon kakurulpon
Ha tiempo han kagab-ihon
Labi na gud kon bublanon
An dagat duro karanggat
Ha mangingisda naaghat
Duyog han hangin huyohoy
Malanoy nga turutaghoy...
Kapuraw, napukaw
Kay nakakaliaw.

³³ Local Government Unit ng San Julian, Silangang Samar, *op.cit.*

³⁴ Ang Liliputan Rocky Beach Park ay isang sikát na pasyalan sa bayan ng San Julian at dinarayo ng mga tao mula sa ibang bayan o lugar dahil sa maganda nitong tanawin, malinis na tubig, at malamig na páliguán.

Dire ko na gud an San Julian kalilimtan
Sugad hin daraga ha soltero panumduman
Kay an gugma ha kasingkasing natikang
An kahusay amo an tigaman
San Julian, San Julian.

Ang tulang San Julian na isinulat ni Edgar Onge ay isang mahusay na paglalarawan ng awtor sa bayan ng San Julian. Ang kabuoang paksa o tema ng tula ay nagpapahiwatig ng pagmamahal at pagmamalaki sa kaniyang bayang sinilangan. Sa unang saknong pa lámang ay mapapansin na ang damdaming makabayan ng awtor sa paggamit ng salitang “bantugan” (kilalá o sikát) sa pagbibigay ng deskripsiyon sa islang kinaroroonan ng bayan ng San Julian.³⁵

San Julian, San Julian
Bungto ha Sinirangan
An isla, an isla
Ha Samar nga bantugan.

San Julian, San Julian
Bayan sa Silangan
Ang isla, ang isla
Sa Samar na kilalá.
(*Salin sa Filipino ng mananaliksik*)

³⁵ Ang San Julian ay isang bayang nakaharap sa Karagatang Pasipiko at matatagpuan sa gitnang bahagi ng lalawigan ng Silangang Samar (*Local Climate Change Action Plan 2017-2047: Municipality of San Julian, Eastern Samar*, 2017). Ayon pa rito, ito ay kinagigitnaan ng bayan ng Sulat (sa hilagang bahagi) at ng Lungsod Borongan (sa bahaging timog). Sa Silangan nito ay ang Karagatang Pasipiko at sa Kanluran naman ay ang Bayan ng Hinabangan sa Probinsiya ng Kanlurang Samar o Samar. Ang munisipalidad ay binubuo ng 16 na barangay: Lunang, Pagbabangnan, San Isidro, San Miguel, Bunacan, Libas, Putong, Campidhan, Nena, Casoroy at ang mga barangay sa Poblacion mula Baranagay 1 hanggang 6.

Ayon sa pinakabagong talá ng *Department of Environment and Natural Resources – Land Management Bureau* (DENR-LMB) at ng *Department of Budget and Management* (DBM) noong Enero 20005, ang kabuoang lupaing sakop ng San Julian ay 15,062 ektarya na umookupa ng 3.24% ng kabuoang lupain ng buong probinsiya na 464,070 ektarya.

Ang kabuoang populasyon ng San Julian, batay sa census na isinagawa noong taóng 2010, ay 13,748. Ito ay mas mataas ng 4.44% kaysa sa kabuoang bílang noong taóng 2007 na mayroon lámang 13,164 na populasyon. Samantala, noong taóng 2015, ito ay nasa 14,498 na. Ang bílang na ito ay kumakatawan sa 3.21% ng kabuoang populasyon ng probinsya ng Silangang Samar na 428,877. Ang Barangay Nena ang may pinakamataas na bílang ng populasyon at ang Barangay 2 naman ang may pinakamaliit.

Batay sa impormasyong nakalagay sa *Souvenir Program* ng Pista ng Bayan ng San Julian noong taóng 2016, 98% ng mga tao rito ay mga Katoliko at ang kanilang pangunahing hanapbuhay ay pagsasaka at pangangisda. Niyog naman ang pangunahing produkto nito. Pinakasikát na pasyalan o atraksiyon sa lugar ang *Liliputan Rocky Beach Park* na matatagpuan sa Poblacion. Dinarayo din ng mga bisita o turista sa lugar ang *Campidhan Beach* at ang Katolikong Simbahan ng Libas na itinayo pa noong ika-16 na siglo. (Nakuha ang impormasyon mula sa tesis ni Ian Mark P. Nibalvos na, “Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar, 2018.)




Figura Blg. 1: Politikal na Mapa ng Bayan ng San Julian, Silangang Samar
(mula sa *Local Climate Change Action Plan 2017-2047: Municipality of San Julian, Eastern Samar*)

Ang pagmamahal sa bayan ang pinakalumutang na pagpapahalaga sa kabuoan ng tula. Ito ay naipahayag ng may-akda sa pamamagitan ng paglalarawan niya sa kagandahan ng lugar at maging sa kaniyang pagmamalaki sa lupang tinubuan na makikita sa unang saknong ng tula. Ang mga San Juliananon ay may mataas na pagtingin sa kanilang lupang sinilangan dahil sa magagandang lugar o pasyalan na mayroon dito. Napalilibutan ang lugar ng magagandang pasyalan tulad ng Liliputan (isang lugar na kilalang masarap na paliguan) at ng mga baybayin ng Campidhan, Libas, Nena, Pagbabangnan at San Isidro na nakaaakit dahil sa mapuputi at pinong buhangin.³⁶ Dinarayo rin ang nakatagong ganda ng mga talon sa Libas at Putong³⁷ Matatanaw rin ang ganda ng kagubatan sa Caruyagon at Palo Uno.³⁸ Lubos din ang pagmamalaki ng mga San Juliananon sa kanilang lugar dahil marami rito ang naging

³⁶ Ang Campidhan, Libas, Nena, at Pagbabangnan, Libas at San Isidro ay mga barangay ng bayan ng San Julian.

³⁷ Ang Putong at Bunacan ay mga *inland barangay* ng bayan ng San Julian.

³⁸ Ang Caruyagon at Palo Uno ay mga Sitio ng Barangay Putong.

mga propesyonal tulad ng mga guro, *seaman*, pulis, inhenyero, doktor, abogado, pari at iba pa. Higit sa lahat, malugod na tinatanggap ng mga tao ang kanilang mga bisita na ipinakikita sa tuwing may pista o iba pang okasyon.

Bilang mga Pilipino, taglay rin nila ang katangian ng pagiging masayahin o ang kanilang pagpapahalaga sa kasiyahan na nagbibigay sa kanila ng pagkakakilanlan. Mahilig ang mga Waraynon, lalo na ang mga San Juliananon sa mga pagdiriwang. Sa tuwing sasapit ang mga buwan ng Abril at Mayo, sunod-sunod at kabi-kabilang sayawan sa kalsada ang makikita sa buong bayan. Hindi mawawala sa bawat sayawan ang *chacha*, *kuratsa*, at *aminudo* na mga sayaw na tatak-Waraynon.³⁹

Maliwanag ding naipakita sa tula ang ikalawang pagpapahalaga, ang pagbibigay-halaga sa kalikásan. Nakita ni Palada (2000) sa pagsusuri niya ng mga tula na makalikásan ang mga mamamayan ng Silangang Samar. Hinahangaan at iginagalang ng mga Estehanon⁴⁰ ang likás na kayamanan ng kanilang sariling bayan. Sa tulang ito ni Onge, binigyang-pansin niya ang likás na kagandahan ng kapaligiran

³⁹ Isa sa hindi mawawalang tradisyon ng mga San Juliananon ang pagdiriwang ng mga kapistahan at iba pang okasyon na nagpapatunay ng hilig nila sa mga kasiyahan.

Isinasagawa tuwing ika-16 ng Hulyo ang taonang selebrasyon ng kapistahan ng pintakasi ng bayan ng San Julian, ang Mahal na Birheng Dolorosa. Bago idaos ang mismong araw na ito, iba-ibang gawain muna ang isinasagawa tulad ng 9 na araw na nobena kasabay ang mga palabas sa gabí na idinaraos sa liwasang-bayan. Nag-aabang ang mga tao sa makukulay na pagtatanghal ng iba't ibang organisasyon, mga paaralan at mga tanggapan ng pamahalaan tulad ng Kagawaran ng Edukasyon sa Distrito ng San Julian, *San Julian National High School*, *Nena National High School*, *East Visayan Institute*, *San Julian Parish*, *Senior Citizens Organization*, *San Julian Pride*, *Local Government Unit*, at iba pa. Inaabangan din ng mga San Juliananon ang mga patimpalak sa pagkanta, pagsayaw, at iba pang talento tulad ng *San Julian Idol*, *San Julian Got Talent* at *San Julian Star*. Ginaganap naman tuwing bisperas, ika-15 ng Hulyo, ang parada na dinadaluhan ng iba't ibang sektor sa buong bayan ng San Julian.

Pagsapit naman ng mismong araw ng kapistahan, Hulyo 16, nagsasama-sama ang lahat ng inimitahang mga panauhin (mga politiko kadalasan tulad ng gobernador at kongresman ng probinsiya, mga alkade ng ibang mga munisipalidad, at mga miyembro ng sangguniang panlalawigan), mga balik-bayan (mga San Juliananon na matagal nang naninirahan sa ibang mga lugar sa bansa o kayâ naman galing sa ibang bansa), mga politiko o mga pinunò ng bayan, mga taóng may matataas na katungkulan o posisyon sa mga tanggapan ng pamahalaan, mga kilalang tao, at iláng mga San Juliananon na nais makisaya sa pagsalubong sa pista at siyempre pa ang Hermana Mayor ng kapistahan. Hindi nawawala sa okasyong ito ang *kuratsa* (isang katutubong sayaw ng mga Waray) kung saan sumasayaw ang laláki at babae sa gitna ng bulwagan sa saliw ng musikang pang-*kuratsa* na tinatawag na "*Kuratsa Mayor*" o kayâ naman "*Kuradang*." Naglalalatag naman ng panyo, karton o kayâ basket sa gitna upang mapaglagyan ng pera ng mga manonood at ng mga táong nakaupo sa gilid. Hindi rin maiiwasang hindi maghagis ng pera ang laláking sumasayaw at kung minsan din, naglalagay ang babaeng kapareha. (Nakuha ang impormasyon mula sa tesis ni Ian Mark P. Nibalvos na, "Pagpapahalagang Pilipino sa mga Pilíng Siday ng San Julian, Silangang Samar," 2018.)

⁴⁰ Estehanon ang tawag sa mga taóng nakatira sa Silangang Samar, Nortehanon naman ang mga taga-Hilagang Samar at Westehanon ang mga taga-Kanlurang Samar o Samar (Samar lámang ang ginagamit na opisyal na pangalan ng probinsiya).

at kalikásan sa bayan ng San Julian. Ang mga ibong nagliliparan sa kabukiran ay nagsisilbing-inspirasyon sa mga San Juliananon na malayang mangarap at magtagumpay sa búhay. Ang mga naglalakihang punongkahoy ay naglalarawan ng kanilang matayog at matatag na pagkatao na hindi susuko kahit ano mang unos ang dumating sa kanilang búhay. Ang palayan ay nagpapaalala naman sa mga San Juliananon ng kasaganaan ng kanilang búhay sa kabila ng pagiging payak ng kanilang pamumuhay. Para sa kanila, ang kalikásan ay hindi lámang napagkukunan ng mga likás na yaman kundi ito rin ay laging nagpapaalala sa kanila na talagang masarap mabúhay sa mundong ibabaw.

*Hingyap han katamsihan
Nga nagluluparan
Ha pungkay han kabubkiran
Kon aton pagkukulawan
Marampag nga kakahuyan
Matingas nga kahumayan
Ha bagis han mga sapa
Ngadto han kapatagan.*

Mithiin ng mga ibon
Na nagliliparan
Sa tuktok ng kabukiran
Kung ating pagmamasdan
Naglalakihang punongkahoy
Masaganang palayan
Sa bagis ng mga sapa
Patúngo sa kapatagan.
(Salin sa Filipino ng mananaliksik)

Isa ring pagpapahalagang lumitaw sa tula ang pagpapahalaga sa kababaihan. Ayon kay Palada (2000), nakasanayan na ng mga taga-Silangang Samar ang humanga sa kagandahan ng isang dalaga. Iginagalang, pinakaiingatan at hinahangaan ng mga San Juliananon ang mga kababaihan lalo na kapag ang isang binata ay nanliligaw sa isang dalaga. Ginagawa ng laláki ang lahat tulad ng pagsisilbi sa babae at sa pamilya nito. Ipinakikita ang pagpapahalaga ng kalalakihan sa isang dalaga sa tula ni Onge:

*Dire ko na gud
an San Julian kalilimtan
Sugad hin daraga
ha soltero panumduman*

Hinding-hindi kailanman
ang San Julian malilimutan
Tulad ng isang dalagang
sa binata'y alaala
(Salin sa Filipino ng mananaliksik)

Sa mga tahanan din, lubos na pinahahalagahan ang kababaihan. Ang pagmamahal ng mga anak sa kanilang ina ay hindi mapapantayan. Pinagsisilbihan nila ito bílang pagtanaw ng utang na loob sa pag-aalagang ibinuhos nito noong sila ay mga bata pa. Hanggang sa kanilang paglaki at sa kanilang pag-aasawa, hindi nawawala ang pag-aaruga ng isang ina. Sa katunayan, isa ring kaugalian ng mga ina sa San Julian ang pag-aako ng responsibilidad na alagaan at pag-aralin ang kanilang apo. Mataas din ang pagpapahalaga ng mga San Juliananon sa kanilang mga anak na babae.

Ang iba’y talagang binabantayan at pinoprotektahan kahit sa mga kagat ng lamok. Pinaaalalahanan din sila na huwag munang magpapaligaw hanggang hindi pa umaabot ang edad sa 18 o hangga’t hindi pa natatapos ang pag-aaral. Kayâ naman, ang ama at mga kapatid na lalâki ng mga babae ay laging nakabantay saanman sila magpunta

**PAGPAPAHALAGANG PILIPINONG TAGLAY NG MGA SAN JULIANANON
AT ANG AMBAG NITO SA PAGBUBUO NG KAAKUHANG PILIPINO**

Nakita sa pagsusuri sa tatlong *siday* na ang mga San Juliananon ay nagtataglay ng mga Pagpapahalagang Pilipino na makikita sa Talahanayan 1. Pagpapatibay lámang ito na ang mga *siday* na likha ng mga San Juliananon ay mayaman sa mga pagpapahalagang sumasalamín sa kulturang Pilipino bílang mga akdang pampanitikan. Mailalagom ang nasabing mga pagpapahalaga sa sumusunod na talahanayan:

Talahanayan 2:
Mga Pagpapahalagang Pilipino sa Pilíng *Siday* ng San Julian, Silangang Samar

Pamagat ng <i>Siday</i>	Mga Pagpapahalagag Pilipinong Nakita
“ <i>An Pobre</i> ” (Dukha) ni Nelia M. Caraga	1. Pagtitiis o pagtitiyaga 2. Pagpapahalaga sa kapayapaan
“ <i>Dipensa</i> ” (Depensa) ni Romeo Quiloña	1. Paggalang sa matatanda 2. Pagiging mapagkakatiwalaan o ang pagpapahalaga sa tiwala ng iba 3. Pagpapahalaga sa pamilya 4. Pagkakaroon o pagtataglay ng mabuting asal 5. Pagkakaisa 6. Pagpapahalaga sa matatanda
“ <i>San Julian</i> ” ni Edgar Onge	1. Pagmamahal sa bayan 2. Pagbibigay-halaga sa kalikásan 2. Pagpapahalaga sa kababaihan

Apat na bagay ang mahalaga sa isang San Juliananon: ang kapuwa, sarili, bayan, at pamilya. Ang pagpapahalaga sa kapayapaan, paggalang sa matatanda, pagkakaisa, pagpapahalaga sa matatanda, pagpapahalaga sa kababaihan, at pagpapahalaga sa kapayapaan na natukoy sa mga *siday* ay nakatuon sa pagkakaroon ng mabuting ugnayan sa kapuwa. Ito ay nakapailalim sa klasipikasyon ng mga Pagpapahalagang Pilipino ni Timbreza na pakikipagkapuwa-tao; mahusay na pakikitungò o pakikibagay o pakikipag-ayos at pakikipagkasundo; kahinahunan o pagkamahinahon. Likás sa taga-San Julian ang pagbuo ng magandang relasyon sa

kapuwa sa pamamagitan ng pakikitungò nang mabuti tulad ng pagbibigay-galang o pagrespeto sa mga nakatatanda o sa mga táong iba ang kasarian o antas ng pamumuhay sa lipunan. Naroroon lagi ang kaniyang pagdamay sa oras ng sakuna o matinding suliraning hinaharap ng kaniyang kapuwa o kababayan kayâ naman nangingibabaw sa mga pamayanan ang mabuting ugnayan at kapayapaan.

Mahalaga rin sa isang San Juliananon ang mapangalagaan ang kaniyang sarili. Dahil dito, pinananatili niya ang kaniyang kakayahang magtiis o magtiyaga, ang pagiging mapagkakatiwalaan o ang pagpapahalaga sa tiwala ng iba, ang pagkakaroon o pagtataglay ng mabuting asal, at pagbibigay-halaga sa kalikásan. Ang mga ito naman ay tumutugon sa apat na klasipikasyon ng mga pagpapahalagang Pilipino ni Timbreza: ang kakayahang mabúhay o makaligtas sa hírap ng búhay; sipag, kasipagan, pagsisikap at pagtitiis o pagpapasensiya; pagkatao; at sariling disiplina. Magsisikap ang San Juliananon, makaahon lámang o malagpasan lámang ang mga pagsubok sa búhay. Maghahangad siya na magtagumpay sa búhay at mapanatili ang magandang reputasyon o pagtingin ng ibang tao sa kaniya. Pinangangalagaan niya ito sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan sa sarili, sa kapuwa, at sa lipunan.

Hindi rin napababayaan ng isang San Juliananon ang kaniyang bayan. Likás sa kaniya ang pagmamahal sa bayan at pagbibigay-halaga sa kalikásan na mauuri sa kalayaan at pagmamahal sa bansa na isa sa mga klasipikasyong ibinigay ni Timbreza. May pagmamalasakit ang San Juliananon sa kaniyang lupang tinubuan na tinatawag niyang “bungto.” Ipinagmamalaki niya ang ganda ng kaniyang lugar at lagi niya itong binabalik-balikan sa kabila ng matagal na paninirahan sa ibang lugar. Pinananatili niya ang ganda ng kaniyang lugar sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga *clean-up drive* o kayâ naman sa simpleng pagsunod sa mga ordinansa o patakaran na nagsusulong sa pangangalaga ng yamang ipinagkaloob sa kaniya ng Maykapal.

Malaki rin ang pagpapahalaga ng mga San Juliananon sa kanilang pamilya na nabibilang sa klasipikasyon ni Timbreza na pamilya. Lubos na mapagmahal ang San Juliananon sa kaniyang mga magulang, mga kapatid, at kaniyang mga lolo at lola. Ang kaayusan na mayroon sa pamilya sa buong bayan ang siyáng dahilan ng pagkakaroon ng kapayapaan at kaunlaran.

Ang mga Pagpapahalagang Pilipinong natukoy sa mga piling *siday* na taglay ng mga San Juliananon ay pagpapatibay na mababakas sa kanilang pagkatao ang iláng kaakuhang Pilipino. Hindi lámang ito pagkakakilanlan ng mga San Juliananon bilang isang pamayanan o bayan kundi ito ang nagtutulay o nagbibigay ng koneksiyon

sa kanila sa ibang mga Pilipino sa iba't ibang bahagi ng kapuluan. Ang mga Pagpapahalagang Pilipinong ito, bilang bahagi ng kanilang karanasan, ay pagpapatunay na tulad ng ibang mga Pilipino, sila man ay Ilocano, Ilonggo, Bicolano, Kapampangan, Cebuano, Tausug, Maranao at iba pa ay may iisang kalinangang pinagmulan na mauugat lámang kung ating uunawain at susuriin ang iláng mahahalagang panitikang minana pa natin mula sa ating mga ninuno tulad ng mga *siday* ng mga Samarnon at Leytenhon. Mahalaga ang mga materyal na ito sapagkat sa pamamagitan ng mga ito ay mapagtatanto natin na táyo ay may pagkakatulad na siyáng nagbibigkis sa atin bilang mga Pilipino.

Walang mawawala sa atin sa pagtuklas at pagbuo ng pinakamararantal at inspiradong imahen ng ating sarili (tulad ng mga pagpapahalagang Pilipinong inihahayag sa mga akdang pampanitikan), na siyáng haligi ng pambansang pagkakaisa. Naghahain ang ating mga akda, hindi lámang ang mga akdang Tagalog o mga akdang nakasulat sa wikang Ingles, ng pinakamalinaw na salamin kung sino táyo bilang mga tao at inilalahad ng mga ito ang pinakamalalim na diwa nating mga Pilipino. Sa pamamagitan ng mga ito, magkakaroon táyo ng pag-aangkin na ang bawat likhang-sining ng mga Pilipino sa lahat ng dako ng bansa ay sariling atin, ating panitikan. Ito ang magiging daan túngo sa pag-unawa natin sa mga katangian ng ating pagkatao, sa pagtalos natin kung sino táyo, kung ano ang ating kaangkinan at sa paglilimi natin kung ano ang dapat gawin upang mapanatili ang magandang kaangkinang iyon na siyáng tatak ng kadakilaan ng ating lahi.

BIBLIYOGRAPIYA

- Abuyen, Tomas, A. *Diksyunaryo Waray-Waray (Visaya) English-Tagalog*. Kalayaan Press Mktg., 2000.
- Bordadora, Norma. No casualty as of Tuesday afternoon in wake of Eastern Samar earthquake, *GMA News Online*. 18 Marso 2020. <https://www.msn.com/en-ph/news/national/no-casualty-as-of-tuesday-afternoon-in-wake-of-eastern-samar-earthquake-%E2%80%9494afp/ar-BBWcsoM?li=BBR8RiR&ocid=iehp>
- Cebuano Dictionary. 18 Marso 2020. <https://cebuano.pinoydictionary.com/>
- De la Rosa, Lydia P. *21st century Ninorte Samarnon siday: A collection and translation*. (Di- Limbag na Disertasyon). De La Salle University. Manila, 2000.
- De la Rosa, Lydia P. *Community values reflected in the folktales of Barrio Salvacion, Bobon, Northern Samar*. (Di Limbag na Tesis). Centro Escolar University. Manila, 1978.
- Department of the Interior and Local Government, LGU Directory, *Local Government Academy*. 18 Marso 2020. <https://lga.gov.ph/site/lgu/san-julian>

Diksiyonaryo. 18 Marso 2020. <https://diksiyonaryo.ph/>

Gozo, Reginaldo T. *An analysis of the lyrical themes, value concepts and moral lessons in the Waray-Waray folk songs of Northern Leyte as basis for resource materials in music* (Di Limbag na Tesis). Southwestern University. Cebu, 1996.

Local Government Unit of San Julian, San Julian, Eastern Samar, *Grand Annual Fiesta Celebration of Our Lady of Seven Sorrows Souvenir Program*. Local Government Unit of San Julian, San Julian, Eastern Samar, 2016.

Local Government Unit of San Julian, Eastern Samar, *Intangible Heritage: San Julian, Eastern Samar Cultural Heritage Mapping*. Local Government Unit of San Julian, Eastern Samar, 2011.

Local Government Unit of San Julian, Eastern Samar, *Local Climate Change Action Plan 2017-2047: Municipality of San Julian, Eastern Samar*. Local Government Unit of San Julian, Eastern Samar, 2017.

Manila Bulletin, Benefits to Eastern Visayas elderly assured by DSWD, *Pressreader*. 18 Marso 2020. <https://www.pressreader.com/philippines/manila-bulletin/20160815/281908772543664>

Manila Bulletin, Eastern Samar solon proposes 100k cash gift to centenarians, *Manila Bulletin*. 18 Marso 2020. <https://news.mb.com.ph/2020/02/27/eastern-samar-solon-proposes-100k-cash-gift-to-centenarians/>

National Disaster Risk Reduction and Management Council, "NDRRMC Update: SitRep NO. 06 re Effects of Earthquake in Guiuan, Eastern Samar, National Disaster Risk

Reduction and Management Council. 18 Marso 2020. http://ndrrmc.gov.ph/attachments/article/2081/SitRep_No_06_re_Effecrts_of_Earthquake_in_Gulan_Eastern_Samar_as_of_04SEP2012_0800H.pdf

Nibalvos, Ian Mark P. *An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon*: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan, Malay 31, Maynila: De La Salle University Publications, 2018.

Nibalvos, Ian Mark P. *Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar, Scientia 7*, Maynila: San Beda University, 2018.

Nibalvos, Ian Mark P. *Pagpapahalagang Pilipino sa mga Piling Siday ng San Julian, Silangang Samar* (Di Limbag na Tesis). De La Salle University – Dasmariñas, Lungsod Dasmariñas, 2018.

Ordinario, Cai U. MAP: The poorest provinces in Ph," *Rappler Philippines*. 18 Marso 2020. <https://www.rappler.com/business/27276-poorest-provinces-philippines>

Palada, Jonas V. *Mga isinaling piling tulang Waray: Isang dokyumetaryong pagsusuri* (Di Limbag na Disertasyon). Cebu Normal University. Cebu, 2000.

Provincial Government of Eastern Samar, San Julian, *Province of Eastern Samar*. 18 Marso 2020. <https://easternsamar.gov.ph/san-julian/>

Provincial Government of Eastern Samar, The Province, *Province of Eastern Samar*. 18 Marso 2020. <https://easternsamar.gov.ph/about-eastern-samar/>

Rosario, Aileen J. *Analysis of selected Iloko poems by Godofredo S. Reyes* (Di Limbag na Tesis). University of Northern Philippines. Vigan City, Ilocos Sur, 2009.

The Summit Express, Mindanao has 11 of 20 poorest provinces in the Philippines, *The Summit Express*. 18 Marso 2020. <https://www.thesummitexpress.com/2016/03/mindanao-has-11-of-20-poorest-provinces-philippines-2016.html>

Timbreza, Florentino T. *Filipino Values Today*. Navotas Press: Metro Manila, 2003.

TUNGKOL SA AWTOR

Si **IAN MARK P. NIBALVOS** ay isang instruktur sa Filipino sa Departamento ng Filipino, Kolehiyo ng Edukasyon, Unibersidad ng Santo Tomas (UST). Nakapagtapos siya ng kursong Master ng Sining sa Filipino (MAF) sa Paaralang Gradwado ng Malalayang Sining at Komunikasyon, Pamantasang De La Salle – Dasmariñas (DLSU-D) at kasalukuyang kumukuha ng digring Doktor ng Pilosopiya sa Araling Pilipino na may espesyalisasyon sa Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Sentrong Asyano ng Unibersidad ng Pilipinas (UP). Nakapagbahagi na siya ng kaniyang mga pananaliksik sa mga pandaigdigang kumperensiya tulad ng sumusunod: “An mga siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Katuturan, Kasaysayan, Pag-unlad, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan” sa *Salindunong International Conference* noong Abril 2-4, 2018 sa Lungsod Cagayan de Oro, Misamis Oriental at “Pagpapahalagang Pilipino sa mga Píling Siday ng San Julian Silangang Samar” sa *Ikalawang Internasyonal na Kumperensya sa mga Araling Filipino at Asyano* noong Mayo 3-5, 2018 sa Lungsod Baybay, Leyte. Ilan sa kaniyang mga papel-pananaliksik ay nailathala na sa mga journal gaya ng mga sumusunod: “Pagpapahalagang Pilipino sa mga Píling Siday ng San Julian, Silangang Samar” sa *Bannag Journal* ng University of Saint Louis, Lungsod Tuguegarao noong taóng 2018; “An mga Siday han mga Samarnon ug Leytenhon: Identidad, Kasaysayan, Mga Isyu, at Kalagayan Nito sa Kasalukuyan” sa *Malay Journal* ng De La Salle University, Manila noong taóng 2018; at “Ang Wika sa Pampublikong Espasyo: Isang Pag-aaral sa Tanawing Pangwika ng Maynila” sa *Scientia: The International Journal on Liberal Arts* ng San Beda University noong taóng 2017.